ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PONAYAN BILANG INTERBENSYON SA KASANAYAN SA GAWAING PAGBASA AT PAGPAPALAWAK NG KAALAMAN SA KARUNUNGANG BAYAN

**Mischelle P. Carreos**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay bumuo ng isang polyeto na naglalaman ng mga karunungang bayan, na siyang magiging interbensyon sa pagpapabasa kasabay ang pagkatuto ng mga karunungang bayan. Layunin din ng pag-aaral na ito na malaman kung may makabuluhang epekto ba ang PONAYAN bilang Interbensyon sa Gawaing Pagbasa at Kaalaman sa Karunungang bayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa lahat ng antas ng Santa Cruz Integrated Natonal High School Brgy. Gatid Extension School.*

*Ang PONAYAN bilang materyal ay nabuo at ginamit ng mananaliksik sa dalawandaan at tatlumpu't isang (231) mag-aaral sa lahat ng antas ng Santa Cruz Integrated Natonal High School Brgy. Gatid Extension School. Napiling tagatugon ay mula Baitang 7 Aster at Dafodil, 8 Amethyst at Bloodstone, 9 Orion at Nebula at Baitang 10 Anahaw at Almaciga. Purposive Sampling ang ginamit na teknik ng mananaliksik. Ang mananaliksik ay gumamit ng Deskriptibong Pamamaraan (Descriptive Method). Ang mga talatanungan, polyeto at materyal ay ginamit upang masagot ang nasabing pananaliksik.*

*Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ito na ang ang Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Panimula, Pagpapaunlad, Pagpapalihan at Paglalapat gayundin sa Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang bayan batay sa Pagpapahalaga, Imahinasyon, Kasanayan, at Kultura lahat ay katanggap-tanggap sa kabuuan ito ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na "lubhang mataas.*

*Ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Mapanuring Pag-iisip at Pag-aanalisa ay may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay at may literal na paliwanag na Kasiya-siya.*

*Sa kabuuan, ang haypotesis na "Walang makabuluhang epekto ang PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa sa Pagganap ng mga Mag-aaral" ay tanggap base sa resulta ng bawat suliraning inilahad.*

*Sa haypotesis naman na "Walang Makabuluhang Epekto ang Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang Bayan sa pagganap ng mga mag-aaral" ay tanggap at ipinapakita nito na "walang makabuluhang" epekto sa pagitan nila.*

*Batay sa resulta ng pananaliksik na ito, iminumungkahi sa mga guro na payabungin, ayusin ang nabuong polyeto, dagdagan pa ang mga halimbawa, bigyan ng karagdagang pagsusuri at rebisyon.Hinihikayat ng mananaliksik ang mga mag-aaral na bigyang interes ang pagbabasa at umanap ng mga interbensyonal na kagamitang pagbasa upang matugunan ang suliranin sa pagbasa. Para sa mga namumuno sa paaralan, nawa'y patuloy na suportahan mga guro na bumubuo ng isang kagamitang interbensyon upang maging maayos at umunlad pa ang mga materyal sa pagbasa at dagdagan ang mga impormasyon nang maging epektibo ang materyal.Para sa mga mambabasa, magkaroon ng higit na kasanayan sa pagbasa, gumamit ng materyal na makapagpapataas ng perpormans. Sa mga susunod na mananaliksik maaring maging sanligan ang pag-aaral na ito, maaring ayusin ang mga nakapaloob sa polyeto, palawakin pa ang mga baryabol na ginamit, at pumili ng karapat-dapat na maging tagatugon sa pananaliksik.*

**SUSING SALITA:** *PONAYAN; Kasanayan; Gawaing Pagbasa*

## 1. PANIMULA

Ang pagbasa ay ang pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita. Ito ay mahalagang kasanayan ng isang mag-aaral o kahit na sinoman. Sa kasalukuyan mababatid ang suliraning kinahaharap sa makro kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral.

Ayon kay Suwanaroa (2021), ang damdamin ng mga estudyante, suporta mula sa pamilya, at paraan ng pagtuturo at pag-aaral sa silid-aralan ay mga pangunahing kadahilanan na nakakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na mag-unawa sa pagbasa. Ang mga pang-agham at kaisipang pangwika tulad ng pagtalunton ng wika, kamalayan sa tunog ng mga salita, kamalayan sa morpolohiya, kaalaman sa mga salita, at bokabularyo ay ilan sa nakakaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Ayon sa datos ng Program for International Student Assessment (2018), na ang Pilipinas ay may pinakamababa sa mga tuntunin ng pang-unawa sa pagbasa na may 340 puntos mula sa mga pamantayang: pag-unawa, paggamit, pagsusuri, pagninilay-nilay at pakikipag-ugnayan sa mga teksto upang makamit ang mga layunin.

Mababatid ang napakalaking problema ng mga mag-aaral sa pagbasa.Mula sa elementarya hanggang sekondarya ay kapansin-pansin ang tila pagbaba ng kapasidad nilang bumasa. Sa ngayon, maraming nahihirapan sa pag-unawa ng mga binabasa nila dahil sa kakulangan sa pokus at hindi isinasaalang alang ang oras na dapat ay inilalaan sa pagbasa.

Ayon kay Llaneta (2020), ang karunungang-bayan ay napakahalaga sa isang komunidad hindi lamang dahil ito'y naglalaman ng mahahalagang aral kundi dahil ito rin ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

naglalarawan at naglilinang ng kultura at tradisyon ng isang lugar. Ngunit isa sa pangunahing hamon sa edukasyon ngayon ay ang pagkawala ng moral at espiritwal na pag-uugali ng mga kabataan. Kaya't napakahalaga na maipamana sa bagong henerasyon ang mga kaugalian at prinsipyong iniwan ng ating mga ninuno upang hindi ito magdulot ng dagdag na suliranin sa ating lipunan.

Batay sa pag-aaral niya, ang mga karunungang bayan ay isang mahalagang pamana sa atin. Kung kaya't kinakailangan na pagtuunan ng pansin ang sarili nating karunungang bayan nang sa gayon ay hindi malimutan hangang sa susunod pang henerasyon.

Ang pagkakaroon ng maraming uri ng mga materyales sa pagbabasa ay may mahalagang papel sa pagpapalaganap at pagpapalalim ng kahalagahan ng pagbabasa. Ang iba't ibang uri ng materyales sa pagbabasa tulad ng aklat, magasin, dyornal, akademikong babasahin, blogs, polyeto at iba pa ay nagbibigay daan sa iba't ibang mga kaalaman, ideya, at pananaw.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay pumapatungkol sa PONAYAN na ibig sabihin ay isang polyetong naglalaman ng mga karunungang bayan bilang interbensyon sa kasanayan sa gawaing pagbasa at layunin din nitong mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pamana ng ating mga ninuno ang mga karunungang bayan.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ninanais din ng pananaliksik na ito na mabatid ang mga kasagutan sa mga piling katanungan:

1. Ano ang antas ng paggamit ng PONAYAN bilang interbensyon sa kasanayan sa gawaing pagbasa batay sa:
   - 1.1 Panimula;
   - 1.2 Pagpapaunlad;
   - 1.3 Pagpapalihan; at
   - 1.4 Paglalapat?
2. Ano ang antas ng pagpapalawak sa kaalaman sa karunungang bayan batay sa:
   - 2.1 Pagpapahalaga;
   - 2.2 Imahinasyon;
   - 2.3 Kasanayan; at
   - 2.4 Kultura?
3. Ano ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa:
   - 3.1 Mapanuring Pag-iisip; at
   - 3.2 Pag-aanalisa?
4. May makabuluhang epekto ba ang PONAYAN bilang Interbensyon sa kasanayan sa gawaing pagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ng pagpapalawak ng kaalaman sa karunungang bayan sa pagganap ng mga mag-aaral?
6. Anong planong gawain ang iminumungkahi batay sa resulta ng pagsusuri?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito ang mananaliksik ay gumamit ng Deskriptibong Pamamaraan (Descriptive Method) upang maipakita ang detalyadong konklusyon sa haypotesis o hinuha sa pamamagitan ng masinsinang pag-aaral at tamang interpretasyon.

Ito ay naglalayong mangalap ng mabibilang na datos para sa istatistikal na pagsusuri ng sample ng populasyon. Lalo't higit ang mga impormasyong kinakailangan higgil sa PONAYAN Bilang Interbensyon na Kasanayan sa Gawaing Pagbasa at Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang-bayan.

Hinggil sa pag-aaral ni De Belen (2016), ang descriptive research method ay nakapokus sa pagkolekta, pag-anaalisa ng datos sa isang pag-aaral o serye ng pag-aaral. Layunin din nito ang wasto at sistematikong paglalarawan sa isang populasyon, sitwasyon at phenomena.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng mga resulta, presentasyon, analisis at interpretasyon ng datos. Ang lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng paglalahad ng suliranin ay sinagot sa kabanatang ito at sinusuportahan ng mga grapikong representasyon o talahanayan.

Batay sa mga tanong at mga hinuha ng pag-aaral na ito, ang estatistika ay inilapat base sa talatanungang ibinigay na may kaugnayan sa pag-aaral patungkol sa PoNaYan bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa at Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang bayan.

Ang mga datos na ipinakita ay nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod sa paglalahad ng suliranin.

**Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Panimula, Pagpapaunlad, Pagpapalihan at Paglalapat.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Pahayag, Mean at Standard Deviation, Puna at Berbal na Interpretasyon upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Sa unang pahayag na *"Nauunawaan kaagad ang mga nilalaman ng binasa"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.40 at standard deviation na 0.64 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Nangangahulugan lamang, na lubos sumasang-ayon ang mga tagatugon na nauunawaan kaagad ang nilalaman kapag binasa. Mababatid sa Talahanayan 1 na ang antas ng paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa ayon sa Panimula.

**Talahanayan 1**

***Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Panimula***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan kaagad ang mga nilalaman ng binasa.* | 4.40 | 0.64 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakapupukaw ng atensyon ang mga babasahing patungkol sa karunungang bayan.* | 4.29 | 0.79 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Naibabahagi sa simula ang mga dapat asahan sa aming babasahing polyeto.* | 4.07 | 0.87 | Sumasang-ayon |
| *Nakaaakit ang mga gawaing nakapaloob sa simulang bahagi ng polyeto.* | 4.34 | 0.86 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang kahalagahan ng babasahin sa simula pa lamang ng pagbabasa.* | 4.50 | 0.69 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.32***
***Standard Deviation: 0.49***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa ikalawang pahayag na *"Nakapupukaw ng atensyon ang mga babasahing patungkol sa karunungang bayan,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.29 at standard deviation na 0.79 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakapupukaw ng atensyon ang mga babasahing patungkol sa karunungang bayan.

Sa ikatlong pahayag na *"Naibabahagi sa simula ang mga dapat asahan sa aming babasahing polyeto."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.07 at standard deviation na 0.87 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na sumasang-ayon. Ibig sabihin naibabahagi sa simula ang mga dapat asahan sa babasahing polyeto.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nakaaakit ang mga gawaing nakapaloob sa simulang bahagi ng polyeto."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.34 at standard deviation na 0.86 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Kaya't nangangahulugan lamang itong nakaaakit ang mga gawaing nakapaloob sa simulang bahagi ng polyeto.

At sa ikalimang pahayag na *"Naipaliliwanag ang kahalagahan ng babasahin sa simula pa lamang ng pagbabasa."* Ito'y nakakuha ng mean iskor na 4.50 at standard deviation na 0.69 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin nito ay naipaliliwanag ang kahalagahan ng babasahin sa simula pa lamang ng pagbabasa.

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang dalawandaan at tatlumpu't isang mag-aaral ng Santa Cruz Integrated National High School-Brgy. Gatid Extension School at ang mga datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas."

Sa kabuuan, ito ay may kabuuang mean na 4.32 standard deviation na 0.49 at ipinapakita na ang Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Panimula ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas. Ibig sabihin lamang nito na ang mga resulta sa itaas ay maayos at mainam na magkarooon ng makabuluhan at madaling maunawaan na panimula na nakakaganyak sa isang talakayan lalo't higit sa pagpapabasa. Makatutulong ito upang ipaalam sa mga mag-aaral ang nais tunguhin ng isang babasahin katulad ng isang polyeto.

Makikita sa Talahanayan 2 na Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Pagpapaunlad.

**Talahanayan 2**

***Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Pagpapaunlad***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Napabubuti ang kasanayan sa pagbabasa matapos gamitin ang polyeto na may iba't ibang karunungang bayan.* | 4.42 | 0.65 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nagkakaroon ng makabuluhang papel ang pagbabasa ng karunungang bayan sa personal at intelektwal na pag-unlad.* | 4.20 | 0.76 | Sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang polyeto na may iba't ibang karunungang bayan upang magbasa nang mas mabilis at mas mahusay.* | 4.50 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakakukuha ng mas mahusay na mga kasanayang kritikal na pagsusuri para sa mga teksto matapos gamitin ang polyeto.* | 4.33 | 0.62 | Lubos na Sumasang-ayon |

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Nagkakaroon ng pag-unlad sa aking kaalaman sa iba't ibang uri ng karunungang bayan.* | 4.44 | 0.84 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.38***
***Standard Deviation: 0.46***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang dalawandaan at tatlumpu't isang mag-aaral ng Santa Cruz Integrated National High School-Brgy. Gatid Extension School at ang mga datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas".

Sa unang pahayag na *"Napabubuti ang kasanayan sa pagbabasa matapos gamitin ang polyeto na may iba't ibang karunungang bayan."* Ay nakakuha ng mean iskor na 4.42 at standard deviation na 0.65 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na napabubuti ang kasanayan sa pagbabasa matapos gamitin ang polyeto na may iba't ibang karunungang bayan.

Sa ikalawang pahayag na *"Nagkakaroon ng makabuluhang papel ang pagbabasa ng karunungang bayan sa personal at intelektwal na pag-unlad."* Ay nakakuha ng mean iskor na 4.20 at standard deviation na 0.76 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nagkakaroon ng makabuluhang papel ang pagbabasa ng karunungang bayan sa personal at intelektwal na pag-unlad.

Sa ikatlong pahayag na "*Nakatutulong ang polyeto na may iba't ibang karunungang bayan upang magbasa nang mas mabilis at mas mahusay."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.50 at standard deviation na 0.66 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatutulong ang polyeto na may iba't ibang karunungang bayan upang magbasa nang mas mabilis at mas mahusay.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nakakukuha ng mas mahusay na mga kasanayang kritikal na pagsusuri para sa mga teksto matapos gamitin ang polyeto."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.33 at standard deviation na 0.62 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakakukuha ng mas mahusay na mga kasanayang kritikal na pagsusuri para sa mga teksto matapos gamitin ang polyeto.

Sa ikalimang pahayag na "*Nagkakaroon ng pag-unlad sa aking kaalaman sa iba't ibang uri ng karunungang bayan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.44 at standard deviation na 0.84 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nagkakaroon ng pag-unlad sa kaalaman sa iba't ibang uri ng karunungang bayan.

Sinasabi sa mga pahayag sa itaas na ito ay may kabuoang mean na 4.38 at standard deviation na 0.46 at ipinahihiwatig ng Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Pagpapaunlad ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at literal na paliwanag na Lubhang Mataas.

Ibig sabihin lamang nito na batay sa resulta sa itaas na malaki ang ginagampanan sa isang babasahin na kinakailangang ang talakayan ay akmang akma at mapauunlad nang lubusan ang pag-iisip ng mga mag-aaral lalo't higit sa mga paksa patungkol sa karunungang bayan. Dahil dito'y lubusang nauunawaan ng mga mag-aaral ang isang babasahin batay sa pagpapaunlad na inilaman sa polyeto.
Makikita sa Talahanayan 3 na Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Pagpapalihan.

**Talahanayan 3**
***Antas ng paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Pagpapalihan***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Kasiya-siyang nakapaglalaan ng oras sa pagbabasa ng mga aktibidad sa polyeto.* | 4.46 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakarerelaks ang pagbabasa at mas nauunawaan ang karunungang bayan dahil sa iba't ibang gawain.* | 4.44 | 0.65 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakalilibang ang pagbabasa ng polyeto na ginamit.* | 4.39 | 0.68 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Kasiya-siyang ibahagi sa iba ang mga karunungang bayan.* | 4.38 | 0.88 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakasasali sa pagbabasa para sa paglilibang o pansariling kasiyahan* | 4.15 | 0.84 | Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.37***
***Standard Deviation: 0.50***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Kasiya-siyang nakapaglalaan ng oras sa pagbabasa ng mga aktibidad sa polyeto."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.46 at standard deviation na 0.71 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na kasiya-siyang nakapaglalaan ng oras sa pagbasa ng mga aktibidad sa polyeto.

Sa ikalawang pahayag na "*Nakarerelaks ang pagbabasa at mas nauunawaan ang karunungang bayan dahil sa iba't ibang gawain*." ay nakakuha ng mean iskor na 4.44 at standard deviation na 0.65 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakarerelaks ang pagbabasa at mas nauunawaan ang karunungang bayan dahil sa iba't ibang gawain.

Sa ikatlong pahayag na *"Nakalilibang ang pagbabasa ng polyeto na ginamit."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.39 at standard deviation na 0.68 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakalilibang ang pagbabasa ng polyeto.

Sa ikaapat na pahayag na "*Kasiya-siyang ibahagi sa iba ang mga karunungang bayan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.38 at standard deviation na 0.88 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na kasiya-siyang ibahagi sa iba ang mga karunungang bayan

Sa huling pahayag na *"Nakasasali sa pagbabasa para sa paglilibang o pansariling kasiyahan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.15 at standard deviation na 0.84 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakasasali sa pagbabasa upang makapaglibang para sa pansariling kasiyahan.

Mababatid sa mga pahayag sa itaas na ito ay may kabuoang mean na 4.37 at standard deviation na 0.50 at ipinahihiwatig ng Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Pagpapalihan ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at literal na paliwanag na Lubhang Mataas.

Ibig sabihin lamang nito na batay sa resulta sa itaas na kinakailangang magkaroon ng iba't ibang aktibidad na kawiwilihan ng mga mag-aaral. Mas lalong nauunawaan ang mga tinatalakay kapag mayroong iba't ibang estratehiya sa mga gawain. Mas napalalawak ang kanilang imahinasyon at kaalaman dahil sa mga ginawang pagpapalihan sa polyeto.

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang dalawandaan at tatlumpu't isang mag-aaral ng Santa Cruz Integrated National High School-Brgy. Gatid Extension School at ang mga datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas".

Sa unang pahayag na *"Nauunawaan at natatandaan ang mga pangunahing ideya mula sa nabasang mga karunungang bayan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.27 at standard deviation na 0.74 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nauunawaan at natatandaan ang mga pangunahing ideya mula sa nabasang mga karunungang bayan.

Makikita sa Talahanayan 4 na Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Paglalapat.

**Talahanayan 4**

***Antas ng Paggamit ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Paglalapat***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan at natatandaan ang mga pangunahing ideya mula sa nabasang mga karunungang bayan.* | 4.27 | 0.74 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nagagawang ikonekta ang bagong impormasyon mula sa pagbabasa sa umiiral na kaalaman at karanasan.* | 4.28 | 0.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga impormasyon sa totoong sitwasyon o isyu sa mundo.* | 4.11 | 0.87 | Sumasang-ayon |
| *Nakakikita ng mga estratehiya o pamamaraan na kailangan pagbutihin sa kasanayang pagbasa.* | 4.28 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga impormasyong nakukuha mula sa pagbabasa upang malutas ang mga problema o gumawa ng mga desisyon.* | 4.36 | 0.68 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.26***
***Standard Deviation: 0.52***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa ikalawang pahayag na *"Nagagawang ikonekta ang bagong impormasyon mula sa pagbabasa sa umiiral na kaalaman at karanasan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.28 at standard deviation na 0.80 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nagagawang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ikonekta ang bagong impormasyon mula sa pagbasa sa umiiral na kaalaman at karanasan.

Sa ikatlong pahayag na *"Naiuugnay ang mga impormasyon sa totoong sitwasyon o isyu sa mundo."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.11 at standard deviation na 0.87 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon na naiuugnay ang mga impormasyon sa totoong sitwasyon o isyu sa mundo.

Sa ikaapat na pahayag na "*Nakakikita ng mga estratehiya o pamamaraan na kailangan pagbutihin sa kasanayang pagbasa."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.28 at standard deviation na 0.71 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakakikita ng mga estratehiya o pamamaraan na kailangan pagbutihin sa kasanayang pagbasa.

Sa huling pahayag na *"Nagagamit ang mga impormasyong nakukuha mula sa pagbabasa upang malutas ang mga problema o gumawa ng mga desisyon."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.36 at standard deviation na 0.68 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nagagamit ang mga impormasyong nakukuha mula sa pagbabasa upang malutas ang mga problema o gumawa ng mga desisyon.

Mababatid sa mga pahayag sa itaas na ito ay may kabuoang mean na 4.26 at standard deviation na 0.52 at ipinahihiwatig ng Antas ng Paggamit ng PONAYAN Bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa batay sa Paglalapat ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at literal na paliwanag na Lubhang Mataas.

Kaugnay ng mga resulta sa itaas, kinakailangang malaman kung may natutuhan ang isang mag-aaral sa isang uri ng babasahin. Kaakibat nito ang parte sa polyeto na paglalapat kung saan makikita ang mga katanungan at pagpapalawak pa sa isang aralin. Nakatutulong ito upang maging mabisa ang pagkatuto ng isang mag-aaral.

**Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Pagpapahalaga, Imahinasyon, Kasanayan at Kultura.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Pahayag, Mean, Standard Deviation, Puna at Berbal na Mapaglarawang Katumbas upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Makikita sa Talahanayan 5 na Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Pagpapahalaga

**Talahanayan 5**
***Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Pagpapahalaga***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Napalalawak ng pagbabasa ng karunungang bayan ang pang-unawa sa iba't ibang kultura at pananaw.* | 4.46 | 0.64 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakaiimpluwensya ang mga babasahin na may kaugnayan sa karunungan bayan sa mga pinahahalagahan o pinaniniwalaan.* | 4.31 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nagpapatibay ang pagbabasa ng polyeto sa karunungang bayan sa pangangalaga at paggalang sa mga tradisyonal na pinahahalagahan.* | 4.33 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Namumulat sa pagbabasa ng karunungang bayan ang pagkakaugnay ng mga halaga ng komunidad at kapaligiran.* | 4.31 | 0.81 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nabibigyang halaga at importansya ang pangkalahatang nilalaman ng polyeto.* | 4.40 | 0.67 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.36***
***Standard Deviation: 0.46***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na *"Napalalawak ng pagbabasa ng karunungang bayan ang pang-unawa sa iba't ibang kultura at pananaw."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.46 at standard deviation na 0.64 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang, na lubos sumasang-ayon ang mga tagatugon na napalalawak ng pagbabasa ng karunungang bayan ang pang-unawa sa iba't ibang kultura at pananaw.

Sa ikalawang pahayag na *"Nakaiimpluwensya ang mga babasahin na may kaugnayan sa karunungan bayan sa mga pinahahalagahan o pinaniniwalaan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.31 at standard deviation na 0.71 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon ibig sabihin talagang nakaiimpluwensya ang mga babasahin na may kaugnayan sa karunungan bayan sa mga pinahahalagahan o pinaniniwalaan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa ikatlong pahayag na *"Nagpapatibay ang pagbabasa ng polyeto sa karunungang bayan sa pangangalaga at paggalang sa mga tradisyonal na pinahahalagahan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.33 at standard deviation na 0.66 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin nagpapatibay ang pagbabasa ng polyeto sa karunungang bayan sa pangangalaga at paggalang sa mga tradisyonal na pinahahalagahan.

Sa ikaapat na pahayag na *"Namumulat sa pagbabasa ng karunungang bayan ang pagkakaugnay ng mga halaga ng komunidad at kapaligiran."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.31 at standard deviation na 0.81 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon . Kaya't nangangahulugan lamang itong namumulat sa pagbabasa ng karunungang bayan ang pagkakaugnay ng mga halaga ng komunidad at kapaligiran.

At sa ikalimang pahayag na "Nabibigyang halaga at importansya ang pangkalahatang nilalaman ng polyeto." Ito'y nakakuha ng mean iskor na 4.40 at standard deviation na 0.67 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubo
s na sumasang-ayon. Ibig sabihin nito ay naipaliliwanag ang kahalagahan ng babasahin sa simula pa lamang ng pagbabasa.
Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang dalawandaan at tatlumpu't isang mag-aaral ng Santa Cruz Integrated National High School-Brgy. Gatid Extension School at ang mga datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas."

Sa kabuuan, ito ay may kabuuang mean na 4.36 at standard deviation na 0.46 at ipinapakita na ang. Antas ng pagpapalawak sa kaalaman sa karunungang bayan batay sa Pagpapahalaga ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas.

Batay sa mga resulta sa itaas masasabi ng mananaliksik na kinakailangang mapahalagahan ang ating mga karunungang bayan, sapagkat sa kasalukuyan tila ba nakakalimot ang mga tao lalo't higit ang mga kabataan sa mga iniambag sa atin ng mga ninuno. Ating pahalagan ang ginawa nilang pagpapayabong sa ating mga panitikan na hanggang sa kasalukuyan ay ating naaral at huwag kalilimutan.

Sa unang pahayag na *"Nakapupukaw ng imahinasyon at nakahihikayat sa malikhaing pag-iisip."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.27 at standard deviation na 0.84 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang, na lubos sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakapupukaw ng imahinasyon at nakahihikayat sa malikhaing pag-iisip.
Sa ikalawang pahayag na "Nakikita ang sarili sa sitwasyon sa mga kuwento o ideya na nabasa." ay nakakuha ng mean iskor na 4.17 at standard deviation na 0.75 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na sumasang-ayon ibig sabihin ang mga tagatugon ay nakikita ang sarili sa sitwasyon sa mga kuwento o ideya na nabasa.

Makikita sa Talahanayan 6 ang Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Imahinasyon.

**Talahanayan 6**
***Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Imahinasyon***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakapupukaw ng imahinasyon at nakahihikayat sa malikhaing pag-iisip.* | 4.27 | 0.84 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakikita ang sarili sa sitwasyon sa mga kuwento o ideya na nabasa.* | 4.17 | 0.75 | Sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang pagbabasa ng polyeto na makita ang mundo mula sa iba't ibang pananaw at pinahuhusay ang empatiya at pag-unawa.* | 4.42 | 0.63 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nahihikayat na gumawa ng isang bagay (hal., sining, kuwento, musika) bilang resulta ng pagbabasa ng polyeto.* | 4.19 | 0.79 | Sumasang-ayon |
| *Napag-aalaman na mabuo sa isipan ang mga eksena, tauhan, o pangyayaring inilarawan sa mga polyetong binasa.* | 4.46 | 0.62 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.30***
***Standard Deviation: 0.47***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa ikatlong pahayag na *"Nakatutulong ang pagbabasa ng polyeto na makita ang mundo mula sa iba't ibang pananaw at pinahuhusay ang empatiya at pag-unawa."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.42 at standard deviation na 0.63 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin nakatutulong ang pagbabasa ng polyeto na makita ang mundo mula sa iba't ibang pananaw at pinahuhusay ang empatiya at pag-unawa.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nahihikayat na gumawa ng isang bagay (hal., sining, kuwento, musika) bilang resulta ng pagbabasa ng polyeto."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.19 at standard deviation na 0.79 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na sumasang-ayon. Kaya't nangangahulugan lamang itong nahihikayat na gumawa ng isang bagay (hal., sining, kuwento, musika) bilang resulta ng pagbabasa ng polyeto ang mga tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa huling pahayag na *"Napag-aalaman na mabuo sa isipan ang mga eksena, tauhan, o pangyayaring inilarawan sa mga polyetong binasa."* Ito'y nakakuha ng mean iskor na 4.46 at standard deviation na 0.62 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin nito na napag-aalaman na mabuo sa isipan ang mga eksena, tauhan, o pangyayaring inilarawan sa mga polyetong binasa ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ito ay may kabuuang mean na 4.30 at standard deviation na 0.47 at ipinapakita na ang Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Imahinasyon ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas.

Batay sa kinalabasang resulta sa itaas masasabi ng mananaliksik na ang ginamit ay lubos na nakatulong sa pagpapatalas ng kanilang kaisipan. Iba't ibang imahinasyon ang kanilang nasasaisip sa tuwing may mga karunungang bayan na tinalakay at pinasagutan sa mga mag-aaral. Dahil dito mas naging malikhain ang kanilang imahinasyon at hindi literal ang kanilang pagpapakahulugan sa mga karunungang bayan.

Makikita sa Talahanayan 7 na Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Kasanayan

**Talahanayan 7**
***Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Kasanayan***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakaguguhit ng mga hinuha at nakagagawa ng mga koneksyon habang nagbabasa.* | 4.26 | 0.73 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nakapagsusuri ng kritikal sa teksto.* | 4.05 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| *Napauunlad ang sariling talento sa pagbuo ng karunungang bayan.* | 4.29 | 0.78 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nalalaman ang bokabularyo at nakikilala ang mga salita.* | 4.26 | 0.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nagkakaroon ng kakayahan sa pagbuo ng sariling karunungang bayan.* | 4.31 | 0.75 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.23***
***Standard Deviation: 0.50***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang dalawandaan at tatlumpu't isang mag-aaral ng Santa Cruz Integrated National High School-Brgy. Gatid Extension School at ang mga datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas."

Sa unang pahayag na *"Nakaguguhit ng mga hinuha at nakagagawa ng mga koneksyon habang nagbabasa."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.26 at standard deviation na 0.73 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang, na lubos sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakaguguhit ng mga hinuha at nakagagawa ng mga koneksyon habang nagbabasa.

Sa ikalawang pahayag na *"Nakapagsusuri ng kritikal sa teksto."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.05 at standard deviation na 0.74 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na sumasang-ayon ibig sabihin ang mga tagatugon ay nakikita ang sarili sa sitwasyon sa mga kuwento o ideya na nabasa.

Sa ikatlong pahayag na *"Napauunlad ang sariling talento sa pagbuo ng karunungang bayan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.29 at standard deviation na 0.78 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin nakatutulong ang pagbabasa ng polyeto na napauunlad ang sariling talento sa pagbuo ng karunungang bayan.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nalalaman ang bokabularyo at nakikilala ang mga salita."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.26 at standard deviation na 0.80 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Kaya't nangangahulugan lamang itong nalalaman ang bokabularyo at nakikilala ang mga salita sa isang babasahin.

Sa huling pahayag na *"Nagkakaroon ng kakayahan sa pagbuo ng sariling karunungang bayan."* Ito'y nakakuha ng mean iskor na 4.31 at standard deviation na 0.75 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin nito na nagkakaroon ng kakayahan sa pagbuo ng sariling karunungang bayan.

Sa kabuuan, ito ay may kabuuang mean na 4.23 at standard deviation na 0.50 at ipinapakita na ang Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Kasanayan ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas.

Mapapansin sa mga resulta sa itaas na nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman sa karunungang bayan ang iba't ibang kasanayan na maaring magawa ng isang mag-aaral. Makabubuo ng iba't ibang karunungang bayan kung may angking husay ang isang mag-aaral sa pagtuklas at pag-isip ng mga bagay-bagay upang ang mga halimbawa nilang magagawa ay maging makabuluhan.

Naglahad ang mananaliksik ng mga pahayag at sinagutan ito ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na may kabuuang dalawandaan at tatlumpu't isang mag-aaral ng Santa Cruz Integrated National

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

High School-Brgy. Gatid Extension School at ang mga datos na nalikom ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik bilang "Lubhang Mataas".

Sa unang pahayag na *"Napahahalagahan ang kultura sa pagbasa ng mga karunungang bayan gamit ang polyeto."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.48 at standard deviation na 0.54 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang, na lubos sumasang-ayon ang mga tagatugon na napahahalagahan ang kultura sa pagbasa ng mga karunungang bayan gamit ang polyeto.
Makikita sa Talahanayan 8 na Antas ng pagpapalawak sa kaalaman sa karunungang bayan batay sa Kultura.

**Talahanayan 8**
***Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Kultura***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Napahahalagahan ang kultura sa pagbasa ng mga karunungang bayan gamit ang polyeto.* | 4.48 | 0.54 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang polyeto bilang panibagong instrumento sa pagpapalaganap ng kultura sa mambabasa.* | 4.24 | 0.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nagbibigay ng makabuluhang epekto sa kaalaman sa pagkakaiba-iba ng kultura sa ating bansa.* | 4.31 | 0.82 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Nauunawaan ang mga kultura at tradisyon sa mga halimbawang karunungang bayan.* | 4.33 | 0.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *Naibabahagi ang mga tradisyon at kultura ng mga Pilipino.* | 4.39 | 0.92 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.35***
***Standard Deviation: 0.46***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa ikalawang pahayag na *"Nagagamit ang polyeto bilang panibagong instrumento sa pagpapalaganap ng kultura sa mambabasa."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.24 at standard deviation na 0.72 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon ibig sabihin ang mga tagatugon ay nagagamit ang polyeto bilang panibagong instrumento sa pagpapalaganap ng kultura sa mambabasa.

Sa ikatlong pahayag na *"Nagbibigay ng makabuluhang epekto sa kaalaman sa pagkakaiba-iba ng kultura sa ating bansa."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.31 at standard deviation na 0.82 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin ang mga tagatugon ay sinasbing nagbibigay ng makabuluhang epekto sa kaalaman sa pagkakaiba-iba ng kultura sa ating bansa.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nauunawaan ang mga kultura at tradisyon sa mga halimbawang karunungang bayan."* ay nakakuha ng mean iskor na 4.33 at standard deviation na 0.70 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Kaya't nangangahulugan lamang itong nauunawaan ang mga kultura at tradisyon sa mga halimbawang karunungang bayan.

Sa ikalimang pahayag na *"Naibabahagi ang mga tradisyon at kultura ng mga Pilipino."* Ito'y nakakuha ng mean iskor na 4.39 at standard deviation na 0.92 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin nito na naibabahagi ang mga tradisyon at kultura ng mga Pilipino.

Sa kabuuan, ito ay may kabuuang mean na 4.35 at standard deviation na 0.46 at ipinapakita na ang Antas ng Pagpapalawak sa Kaalaman sa Karunungang Bayan batay sa Kultura ay may puna na Lubos na Sumasang-ayon at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas.

Batay mga pahayag at resulta sa itaas malaking impluwensya ang mga karunungang bayan sa ating kultura. Masasabing nagtagumpay ang ating mga ninuno sa pagpapalawig ng iba't ibang karunungang bayan na hanggang sa kasalukuyan ay napag-aaralan at nalalaman ng mga mag-aaral. Dahil sa mga karunungang bayan ang ating tradisyon at kultura ay hindi na mawawala pagdating sa ganitong uri ng panitikan.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral**
Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa mapanuring pag-iisip at pag-aanalisa.

Sa pagkuha ng resulta, makikita ang mga sumusunod na talahanayang ito ay may Marka, Frequency, Percentage at Pangkalahatang mapaglarawang katumbas. Makikita rin ang Weighted Mean, Pinakamababa't Pinakamataas na Marka at Standard Deviation upang higit na malaman ang kinalabasan ng pananaliksik.

Ang talahanayan bilang siyam ito'y nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Mapanuring Pag-iisip, sa kabuoang dalawang daan at tatlumpu't-isa na tagatugon, ang marka na "21 to 25" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at dalawapu't-siyam (129) o 55.84% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay. Habang ang marka na "16 to 20" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na tatlumpu't-pito (37) o 16.02% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Mahusay.
Makikita sa Talahayan 9 ang Resulta ng Pagganap ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Mag-aaral batay sa Mapanuring Pag-iisip.

**Talahanayan 9**
*Resulta ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Mapanuring Pag-iisip*

| Marka | Frequency | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 26 - 30 | 65 | 28.14 | Pinakamahusay |
| 21 - 25 | 129 | 55.84 | Higit na Mahusay |
| 16 - 20 | 37 | 16.02 | Mahusay |
| 11 - 15 | 0 | 0.00 | Katamtamang Mahusay |
| 6 - 10 | 0 | 0.00 | Di-gaanong mahusay |
| 0 - 5 | 0 | 0.00 | Di-mahusay |
| **Total** | **231** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***23.55*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***16*** | | Kasiya-siya |
| **Pinakamataas na marka** | ***30*** | | |
| **Standard Deviation** | ***3.04*** | | |

May kabuoang (Weighted Mean = 23.55, SD = 3.04) at (pinakamababang marka = 16, pinakamataas na marka = 30) ipinapakita na ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Mapanuring Pag-iisip ay may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay at may literal na paliwanag na Kasiya-siya.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga resulta sa itaas na may mga mag-aaral na may kakayahan sa pagbuo ng tula at mayroong ding mag-aaral na lubos na nahihirapan dito. Nasukat ang kanilang mapanuring pag-iisip sa pagbuo ng isang masining na tula. Nababatid ng mga mag-aaral ang mga katangian at elemento na dapat nakapaloob sa isang tula.

Makikita sa Talahanayan 10 ang Resulta ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pag-aanalisa.

**Talahanayan 10**
***Resulta ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pag-aanalisa***

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 35 - 40 | 95 | 41.13 | Pinakamahusay |
| 28 - 34 | 80 | 34.63 | Higit na mahusay |
| 21 - 27 | 48 | 20.78 | Mahusay |
| 14 - 20 | 8 | 3.46 | Katamtamang Mahusay |
| 7 - 13 | 0 | 0.00 | Di-gaanong Mahusay |
| 0 - 6 | 0 | 0.00 | Di-mahusay |
| **Total** | **231** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***32.05*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***14*** | | Kasiya-siya |
| **Pinakamataas na marka** | ***40*** | | |
| **Standard Deviation** | ***5.87*** | | |

Ang talahanayan bilang sampu ay nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pag-aanalisa, sa kabuoang dalawang daan at tatlumpu't-isa na tagatugon, ang marka na *"35 to 400*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na siyamnapu at lima (95) o 41.13% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Pinakamahusay***.** Habang ang marka na *"14 to 20"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na walo (8) o 3.46% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Katamtamang Mahusay*.

May kabuoang *(Weighted Mean = 32.05, SD = 5.87)* at *(pinakamababang marka = 14, pinakamataas na marka = 40)* ipinapakita na ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pag-aanalisa ay may mapaglarawang katumbas na *Higit na mahusay* at may literal na paliwanag na *Kasiya-siya*.

Samakatuwid, batay sa resulta sa itaas ito'y nagpapakita lamang na lubhang naunawaan ng mga mag-aaral ang mga nilalaman patungkol sa karunungang-bayan. Ito'y nagpapakita lamang na naging mabisa ang ginawa ng mananaliksik upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mas lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga nakapaloob sa karunungang bayan na mga bugtong, palaisipan, idyoma, salawikain at kasabihan.

**Makabuluhang Epekto ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa sa Pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ang PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa na kinapapalooban ng Panimula, Pagpapaunlad, Pagpapalihan, Paglalapat batay sa Mapanuring Pag-iisip at Pag-aanalisa. Tinuos sa pamamagitan ng Beta, Standard Error, Beta Coefficient, T-Value, at P-Value

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng multiple regression analysis sa pagsusuri ng epekto ng PONAYAN bilang Interbensyon sa kasanayan sa gawaing pagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang regression model ay nagpapaliwanag ng 2.90% ng variance sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.029) para sa Mapanuring Pag-iisip at 1.80% ng variance sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.018) para sa Pag-aanalisa. Ang Panimula, Pagpapaunlad, Pagpapalihan at Paglalapat ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang F-test ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (4, 226) = 1.661 at 1.044, p > 0.05), nagpapahiwatig na ang regression model ay hindi tugma sa mga datos. Ang standard error of the estimate ay 3.025 at 5.869, na sumasalamin sa average deviation sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Makikita sa talahanayan 12 ang akabuluhang epekto ng Ponayan bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

**Talahanayan 11**
***Makabuluhang Epekto ng PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| Mapanuring Pag-iisip | **B** | **SE** | **β** | **t** | **p** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 19.16 | 2.102 | | 9.115* | .000 |
| *Panimula* | | .656 | .869 | 1.325 | .186 |
| *Pagpapaunlad* | | .65 | .089 | .137 | .891 |
| *Pagpapalihan* | | .621 | -.587 | -.946 | .345 |
| *Paglalapat* | | .516 | .66 | 1.279 | .202 |
| *R-squared* | | | .029 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .010 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 3.025 | | | |
| *F(4, 226)* | | | | 1.661 | .16 |
| Pag-aanalisa | **B** | **SE** | **β** | **t** | **p** |
| *Constant* | 27.63 | 4.077 | | 6.777* | .000 |
| *Panimula* | | 1.272 | -0.263 | -.207 | .836 |
| *Pagpapaunlad* | | 1.261 | -1.002 | -.794 | .428 |
| *Pagpapalihan* | | 1.204 | 1.182 | .982 | .327 |
| *Paglalapat* | | 1.001 | 1.124 | 1.123 | .263 |
| *R-squared* | | | .018 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .000 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 5.869 | | | |
| *F(4, 226)* | | | | 1.044 | .385 |

*p < 0.05

At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng PONAYAN: Interbensyon sa kasanayan sa gawaing pagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral"* ay tanggapin at ipinapakita nito na "walang makabuluhang" epekto sa pagitan nila.

Ibig sabihin ang nabuong polyeto na tinatawag na PONAYAN ay hindi naging mabisa bilang interbensyon sa kasanayan sa gawaing pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Marahil ay may kahalintulad na silang nabasa nito o kaya naman ay kailangan pa ring tutukan isa-isa ang bawat mag-aaral nang magkaroon ng makabuluhang epekto sa pagitan nila. Kinakailangan pa ng mas maraming datos o mga impormasyon na makatutulong sa pagpapabasa sa mga mag-aaral.

**Makabuluhang Epekto ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang Bayan sa Pagganap ng mga Mag-aara**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang Bayan sa Pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ang makabuluhang epekto ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang Bayan na kinapapalooban ng Pagpapahalaga, Imahinasyon, Kasanayan, at Kultura batay sa Mapanuring Pag-iisip at Pag-aanalisa. Tinuos sa pamamagitan ng Beta, Standard Error, Beta Coefficient, T-Value, at P-Value

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng multiple regression analysis sa pagsusuri ng epekto ng pagpapalawak ng kaalaman sa karunungang bayan sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang regression model ay nagpapaliwanag ng 1.10% ng variance sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.011) para sa Mapanuring Pag-iisip at 1.30% ng variance sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.013) para sa Pag-aanalisa. Ang Pagpapahalaga, Imahinasyon, Kasanayan at Kultura ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang F-test ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (4, 226) = 0.647 at 0.762, p > 0.05), nagpapahiwatig na ang regression model ay hindi tugma sa mga datos. Ang standard error of the estimate ay 3.052 at 5.883, na sumasalamin sa average deviation sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Makikita sa talahanayan labing dalawa ang makabuluhang epekto ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang Bayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

**Talahanayan 12**
***Makabuluhang Epekto ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang Bayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| Mapanuring Pag-iisip | **B** | **SE** | **β** | **t** | **p** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 20.02 | 2.081 | | 9.909* | .000 |
| *Pagpapahalaga* | | .697 | -.025 | -.036 | .971 |
| *Imahinasyon* | | .738 | -.102 | -.138 | .89 |
| *Kasanayan* | | .691 | .454 | .657 | .512 |
| *Kultura* | | .797 | .357 | .448 | .654 |
| *R-squared* | | | .011 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.006 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 3.052 | | | |
| *F(4, 226)* | | | | .647 | .63 |
| Pag-aanalisa | **B** | **SE** | **β** | **t** | **p** |
| *Constant* | 32.23 | 4.012 | | 8.033 | .000 |
| *Pagpapahalaga* | | 1.344 | -.118 | -.087 | .93 |
| *Imahinasyon* | | 1.422 | -.376 | -.265 | .791 |
| *Kasanayan* | | 1.332 | 2.205 | 1.655 | .099 |
| *Kultura* | | 1.537 | -1.694 | -1.102 | .271 |
| *R-squared* | | | .013 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.004 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 5.883 | | | |
| *F(4, 226)* | | | | .762 | .551 |

*p < 0.05

Ipinapakita rin nito na ang walang bisang palagay na *"Walang makabuluhang epekto ng pagpapalawak ng kaalaman sa karunungang bayan sa pagganap ng mga mag-aaral"* ay tanggapin at ipinapakita nito na "walang makabuluhang" epekto sa pagitan nila.

Ibig sabihin, hindi naging epektibo ang pagtuturo ng karunungang bayan gamit ang polyeto upang maging mas malawak ang kaalaman nila sa nasabing paksa. Lubos na nahirapan ang mga mag-aaral sa pag-aanalisa at pagsusuri sa bawat karunungang bayan. Maging ang mga halimbawa ay mas dapat paramihin nang sa gayon ay magkaroon ng makabuluhang epekto sa pagitan nila.

**Planong Gawaing Iminumungkahi batay sa Resulta ng Pagsusuri**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng Planong Gawaing Iminumungkahi batay sa Resulta ng Pagsusuri.

Mababatid sa talahanayan ang mga titulo ng aktibidad, layunin ng aktibidad at mga inaasahang resulta, mga taong kasangkot, aktibidad at panahon ng pagsasagawa.

Batay sa talahanayan sa itaas, mababatid ang planong gawaing iminumungkahi batay sa resulta ng pagsusuri. Sa panahon ng pagsagawa nito ito ay umiikot sa buong Panuruang Taon 2024-2025 . May apat aktibidad ang gustong mangyari ng mananaliksik ang una ay ang pagkakaroon ng Filipino Camp 2025, susundan ng isang palihan o seminar, magkakaroon din ng SLAC session at Kolaborasyon.

Sa "Talas-Salitaan sa Kamping 2025" na kung saan ay mahahasa ang pag-iisip ng mga mag-aaral sa iba't ibang salita. Ang mg sumusunod ang magiging gawain na kung saan sa buwan ng Agosto ay ipinagdiriwang ang Buwan ng Wika, kaugnay dito ay magkakaroon ng tagisan ang mga mag-aaral patungkol sa paghahasa ng kanilang bokabularyo. Ang mga mag-aaral ay bubuo ng mga salita gamit ang mga magnetic letters o cut-out letters at ito ay tatawaging "TALAS-SALITAAN". Magbibigay ng hanay ng mga letra at pahulaan sa mga bata kung anong mga salita ang maaring mabuo nila. Gamit ang nabuong salita ay bubuo ang naman ang mga mag-aaral ng pangungusap.Gamit naman ang flashcards na ipakikita ng guro, ang mga mag-aaral ay paulit-ulit na babasahin ang mga salita. Tutukuyin ng mga mag-aaral ang kahulugan ng ipinabasang salita.

Makikita sa talahanayan 13 ang planong gawaing Iminumungkahi batay sa Resulta ng Pagsusuri.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 13**
***Planong Gawaing Iminumungkahi batay sa Resulta ng Pagsusuri***

| TITULO NG AKTIBIDAD | LAYUNIN AT INAASAHANG RESULTA | MGA TAONG KASANGKOT | AKTIBIDAD | PANAHON NG PAGSASAGAWA |
|---|---|---|---|---|
| " TALAS-SALITAAN SA KAMPING 2025" | Magkaroon ng mga pagsasanay sa pag-unawa ng mga bagong salita<br><br>Mahasa ang pag-iisip ng mga mag-aaral sa iba't ibang salita. | Guro at Mag-aaral | "FILIPINO CAMP 2025"<br>1.Sa buwan ng Agosto ay ipinagdiriwang ang Buwan ng Wika, kaugnay dito ay magkakaroon ng tagisan ang mga mag-aaral patungkol sa paghahasa ng kanilang bokabularyo.<br>2. Ang mga mag-aaral ay bubuo ng mga salita gamit ang mga magnetic letters o cut-out letters at ito ay tatawaging "TALAS-SALITAAN".<br>2.Magbibigay ng hanay ng mga letra at pahulaan sa mga bata kung anong mga salita ang maaring mabuo nila.<br>3.Gamit ang nabuong salita ay bubuo ang naman ang mga mag-aaral ng pangungusap.<br>4.Gamit naman ang flashcards na ipakikita ng guro, ang mga mag-aaral ay paulit-ulit na babasahin ang mga salita.<br>5.Tutukuyin ng mga mag-aaral ang kahulugan ng ipinabasang salita. | Agosto 2025 |
| " SEMINAR TAYO!" | Mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng pagbasa.<br><br>Mahasa ang makro kasanayang pagbasa. | Mga guro at Mag-aaral | "PALIHAN O SEMINAR"<br>1.Sa palihan na ito, ang lahat ng mag-aaral ay imbitado.<br>2.Maghahanda ng programa ang guro, at mag-iimbita ng mahusay na tagapagsalita.<br>3.Magkakaroon ng mga palaro na siyang lalahukan ng mga mag-aaral ipababatid ang kahalagahan ng pagbasa na mahahasa ang kanilang kasanayan dito. | Setyembre 2025 |
| " Komprehensyon" | Mapabuti ang kasanayan sa pag-unawa.<br><br>Mapaunlad ang komprehensyon ng mga mag-aaral. | Guro at Mag-aaral | "SLAC SESSION"<br>1.Ang lahat ng guro ay iimbitahan, tutukuyin ng mga guro ang mga mag-aaral na nahihirapang unawain ang isang babasahin.<br>2. Tatalakayin ng guro ang mga sumusunod sa kanilang mga mag-aaral:<br>a.Ang bawat isang mag-aaral ay maghahanda ng isang maikling kwento.<br>b.Magkakaroon ng kolaborasyon ang mga mag-aaral sa kapwa nila mag-aaral pipili sila ng isang kapareha.<br>c.Kapag mayroon na silang kapareha, kukuwentuhan niya ito at tatanungin ukol sa kanyang kinuwento.<br>d.Magkakaroon ng pagpupuntos sa bawat tamang kasagutan na ibibigay ng kanyang kapwa mag-aaral. | Oktubre 2025 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| " Araw-araw Basa" | Mapaunlad ang makrong kasanayang pagbasa .<br><br>Mahasa at mapaunlad ang kakayang bumasa ng mag-aaral. | Guro, Mag-aaral at Kamag-aral | "KOLABORASYON"<br>1.Ihahanda ang mga babasahin.<br>2.Magtutulungan ang mga mag-aaral na marunong at di marunong bumasa.<br>3. Ang mga bihasa na sa pagbasa ay tutulungan ang kanyang kapareha.<br>4. Pababsahin araw araw sa loob ng 15 hanggang 20 minuto paglatapos ng klase.<br>5. Susuriin ng guro ang pag-unlad ng mag-aaral tuwing Biyernes ang huling araw sa isang linggo. | Hulyo 2024-Abril 2025 |

Sa titulong "Seminar Tayo!" na mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng pagbasa at mahasa ang makro kasanayang pagbasa.Ito ay gaganapin sa buwan ng Setyembre 2025. Sa palihan na ito, ang lahat ng mag-aaral ay imbitado. Maghahanda ng programa ang guro, at mag-iimbita ng mahusay na tagapagsalita. Magkakaroon ng mga palaro na siyang lalahukan ng mga mag-aaral ipababatid ang kahalagahan ng pagbasa na mahahasa ang kanilang kasanayan dito.

Sa titulo namang "Komprehensyon" Mapabuti ang kasanayan sa pag-unawa at mapauunlad ang komprehensyon ng mga mag-aaral. Magkakaroon ng SLAC ang lahat ng guro ay iimbitahan, tutukuyin ng mga guro ang mga mag-aaral na nahihirapang unawain ang isang babasahin. Tatalakayin ng guro ang mga sumusunod sa kanilang mga mag-aaral: a. Ang bawat isang mag-aaral ay maghahanda ng isang maikling kwento; b.Magkakaroon ng kolaborasyon ang mga mag-aaral sa kapwa nila mag-aaral pipili sila ng isang kapareha; c.Kapag mayroon na silang kapareha, kukuwentuhan niya ito at tatanungin ukol sa kanyang kinuwento.

Isa pang titulo ng aktibidad na "Araw-araw basa", na naglalayong mahasa at mapaunlad ang kakayang bumasa ng mag-aaral. Gaganapin ito sa loob ng buong taon na kung saan ay ihahanda ang mga babasahin. Magtutulungan ang mga mag-aaral na marunong at di marunong bumasa. Ang mga bihasa na sa pagbasa ay tutulungan ang kanyang kapareha.

Sa mga planong gawain ng mananaliksik ang makrong kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral ay mahahasa at mapapunlad.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:
Ang haypotesis na "Walang Makabuluhang Epekto ang PONAYAN bilang Interbensyon sa Kasanayan sa Gawaing Pagbasa sa Pagganap ng mga Mag-aaral" ay tanggap base sa resulta ng bawat suliraning inilahad.

Sa haypotesis naman na "Walang Makabuluhang Epekto ang Pagpapalawak ng Kaalaman sa Karunungang Bayan sa pagganap ng mga mag-aaral" ay tanggap at ipinapakita nito na "walang makabuluhang" epekto sa pagitan nila.

Ibig sabihin lamang nito na hindi naging mabisa ang polyetong ginawa ng mananaliksik, may kahalintulad na silang nabasa nito o kaya naman ay may angkin na silang kaalaman pagdating sa mga karunungang bayan. Bukod dito, ang paggamit ng iba't ibang antas ng mga tagatugon ay hindi naging epektibo sa susunod ay tukuying mabuti kung sino ang kinakailangang maging tagatugon sa pananaliksik. Maari ding kinulang pagpapaliwanag ng mga konsepto, na siyang nagpapalakas pa sa kanilang kaalaman at pag-unawa sa paksa.
Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod:

1. Batay sa resulta ng pananaliksik na ito, ang mga guro ay payabungin at ayusin ang nabuong polyeto. Dagdagan pa ang mga halimbawa ng mga karunungang bayan maaring bigyan ng karagdagang pagsusuri at rebisyon.
2. Hinihikayat ng mananaliksik ang mga mag-aaral na bigyang interes ang pagbabasa. Humanap ng mga interbensyonal na kagamitang pagbasa upang matugunan ang suliranin, maging ang mga mag-aaral ay huwag makalimot at maging gabay ang mga karunungang bayan tungo sa kagandahang asal.
3. Para sa mga namumuno sa paaralan, nawa'y patuloy na suportahan ng paaralan ang mga guro na bumubuo ng isang kagamitang interbensyon upang maging maayos at umunlad pa ang mga materyal sa pagbasa. Dagdagan ang mga impormasyon nang maging epektibo ang materyal.

## TALASANGGUNIAN

1. *Suwanaroa (2021). Factors and Problems Affecting Reading Comprehension of Undergraduate Students, International Journal of Linguistics, Literature and Translation, vol. 4, no. 12, 2021, pp. 15-29,*
2. *doi:10.32996/ijllt.2021.4.12.3*
3. *Program for International Student Assessment (2018)."Reading Performance" retrieved from https://data.oecd.org/pisa/reading-performance-pisa.htm*
4. *Llaneta, R. N. (2020). Karunungang-bayang Irosanon: Isang pagtalunton. International Journal of Research, 9(8), 45-55.*
5. *De Belen, R.T. (2016). Research and Thesis Writing. Quezon City, Wiseman's Books Trading In*